Lumaki si Waynne Caburnay sa isang buhay Kristiyanong pamilya, kung saan ang hindi matitinag na pananampalataya ng kanyang ina ang nagdala sa kanila sa simbahan tuwing Linggo. Bilang isang batang lalaki, hindi niya ganap na nauunawaan noon ang kahalagahan ng mga turo; ang simbahan ay isang lugar lamang para sa mga sermon at mga kwento mula sa Bibliya. Ngunit habang siya ay lumalaki, nagsimulang mag-ugnay ang karunungan ng kanyang ina, na nagpapakita na ang kanyang kinalakihan sa simbahan ay nagtaguyod ng isang matibay na pundasyon ng lakas at pananampalataya para sa mga pinakamahirap na pagsubok sa buhay.

Bago natagpuan ni Waynne ang Panginoon sa isang retreat, ang kanyang buhay ay puno ng kasalanan. Habang siya ay lumalaki sa Maynila, madalas siyang napapahamak dahil sa impluwensya ng mga kaibigan kung saan sila ay nagnanakaw.

Ngunit si Waynne ay nakakaiwas sa mga legal na parusa o pagkulong dahil siya ay menor de edad pa lamang. Itinuloy niya ang ganitong gawain hanggang sa siya ay mag-20 taong gulang. Ang kanya ring pagiging musikero noong kanyang kabataan ay nagpalala pa ng kanyang mga pagsubok, dahil umiinom siya ng labis pagkatapos ng mga gig, sinasayang ang kanyang pinaghirapang pera at talento.

Habang inaalala ang kanyang karanasan sa retreat at kinikilala ang kanyang mga responsibilidad bilang Kristiyano, naramdaman niyang may malakas na tawag na bumalik sa isang buhay na nakasentro kay Kristo.

Naalala ni Waynne, "Noong mga panahong iyon, napagtanto ko na ako'y naligaw mula sa Diyos. Hindi ako lubos na nakatuon sa aking pananampalataya at nakatira ako kasama ang aking ex-girlfriend, at nagkaroon kami ng anak. Nakatira kami sa bahay ng kanyang pamilya, at naramdaman ko ang kanilang pagtutol sa aming relasyon dahil sa aking mga problema bilang musikero. Alam ko na kailangan kong magpakasal sa kanya, kaya nagpropose ako, at tinanggap niya."



*Wayne kasama ang kanyang asawa at anak.*

Ngunit habang lumilipas ang panahon, nagsimulang naging mahirap ang kanilang relasyon. Hinanap ni Waynne ang gabay ng Diyos ukol sa kasal at nakatanggap siya ng kumpirmasyon sa kanyang desisyon na huwag ituloy ang kasal, na syempre ay nagdulot ng kalungkutan sa pamilya ng kanyang dating kinakasama.

Matapos ikansela ang kasal, hinarap ni Waynne ang isang malaking pagsubok nang madawit siya sa isang kaso na hindi naman niya ginawa. "Isang pagsubok ng pananampalataya na walang kapantay," ang kanyang pagninilay. "Parang si Job sa Bibliya, na nawalan ng lahat – pamilya, mga kaibigan, bahay, sasakyan, at mga damit." Nangyari ang lahat ng ito habang unti-unti niyang pinapalakas ang kanyang pananampalataya at nagsimulang magpakasigasig bilang tagasunod ni Kristo.

Sa kalaunan, siya ay ikinulong, at habang hinihintay ang mga legal na proseso ng kanyan kaso, pinangunahan siya ng Diyos patungo sa Kanyang Salita. Sa loob ng kulungan, ibinahagi ni Waynne ang pag-ibig ni Hesus sa higit sa 90 na mga bilanggo, ipinagdasal at pinatibay sila, at nanatili siyang matatag sa kanyang pananampalataya sa kabila ng mga pagsubok. Pinagtiisan niya ang mabagal na takbo ng mga pagdinig sa korte, isang karaniwang karanasan sa mabagal na sistema ng hustisya sa Pilipinas.

Bagamat matindi ang mga legal na proseso, sa huli ay napanalunan ni Waynne ang kanyang kaso at na-clear ang kanyang pangalan.

Ngayon, tinatamasa ni Waynne ang isang masayang buhay habang patuloy na sumusunod sa Diyos. Pinapalakad niya ang isang photography studio at nagsisilbing chief executive ng Bethlehem of Christ Manufacturing Corporation, ang tanging gumagawa ng tinapay na walang lebadura sa Pilipinas. Ang kanyang paboritong bersikulo mula sa Philippians 4:13, ay sumasalamin sa kanyang tibay at pananampalataya: "*Lahat ng bagay ay aking magagawa sa pamamagitan ni Kristo na nagpapalakas sa akin.*"

Ngayon, siya ay may mas masayang pamilya, ikinasal sa kanyang asawa at may isang anak na lalaki at isa pang paparating, habang tapat na nagsisilbi sa Panginoon. Madalas niyang alalahanin ang mga turo ng kanyang ina tungkol sa pananampalataya, at ibinabahagi niya, "Laging sinusubukan akong pabagsakin ni Satanas, ngunit nananatili akong nakatuon sa Diyos at nagsusumikap na panatilihing tuwid ang aking landas sa aking buhay Kristiyano." •

# Youth Truth



*Si Liezel Pepito, na mas kilala ng karamihan sa tawag na "Ate Mahal".*

# AWIT NI MAHAL

Si Liezel Pepito, na mas kilala ng karamihan sa tawag na "Ate Mahal" ay isang buhay na patotoo sa biyaya at pagtubos ng Diyos. Isa sa kanyang mga taos-puso na komposisyon ay ang "Kahapon," isang awitin na sumasalamin sa simple ngunit makulay at masasayang alaala ng kanyang pagkabata.

Mga araw na kasama ang kanyang pamilya, malaya mula sa bigat ng mas malalalim na suliranin ng buhay.

Gayunpaman, sa likod ng mga nakatagong masasayang alaala ay may puwang na di niya maintindihan noon pa man, na parang may kulang sa kanyang pagkatao na walang sinuman at walang anuman sa mundong ito ang makakapuno nito.

Si Liezel ay pitong taong gulang nang makilala niya ang Diyos.

Ang kaniyang mga magulang ay dati nang mga mananampalataya at aktibo sa simbahan.

Itinuro sa kaniya ang Kristiyanong pamaraan ng pamumuhay, ngunit sa kabila nito, hindi niya lubos na naunawaan ang kahalagahan ng pagsunod kay Kristo dahil hindi pa tunay na naroroon ang Diyos sa kanyang puso.

Ang kakulangan ng personal na pananampalataya na ito ay nagdulot sa kanya ng mga pagsubok, suliranin at pasanin na itinago niya kahit sa kanyang mga magulang.

Ang kanyang buhay ay naging masalimuot nang siya ay maging biktima ng sekswal na pang-aabuso sa murang edad. Ang takot at trauma ang nagpatahimik sa kanya, at ang masakit na karanasang ito ay nagtulak sa kanya patungo sa landas ng pagkawasak. Siya ay nalantad sa sekswal na imoralidad at pornograpiya, na kalaunan ay naging isang adiksyon.

Kasabay nito, nahulog siya sa impluwensya ng mga barkada at na nagdala sa kanya sa isang walang pakundangan na pamumuhay gaya ng alak, sigarilyo, at iba pang bisyo ay naging bahagi ng kanyang araw-araw na pamumuhay.

Habang siya ay nalulunong sa makamundong mga pagnanasa, mas lalo pang lumala ang kanyang buhay.

Pagkatungtong niya ng sekondarya, nawala na ang lahat ng kanyang motibasyon na mag-aral. Ang pagliban sa klase at madalas na pag-absent ay naging karaniwan na lamang sa kaniya.

Walang direksyon ang kanyang buhay, at siya'y nalulunod sa kawalan ng pag-asa at lalong lumalayo sa kalooban ng Diyos kaysa dati. Subalit, kahit sa kanyang pinakamababang mga sandali, hindi siya kailanman iniwan ng biyaya ng Diyos. Hindi niya kailanman naisip na sa kabila ng kanyang mga pagsubok, patuloy pa rin ang Diyos sa pagtatrabaho sa kanyang buhay. Noong 2015-2016, sa kanyang unang taon sa kolehiyo, inimbitahan siyang dumalo sa isang malaking pagtitipon sa campus na tinatawag na "Barkadahan Campus Ministry" (BCM), na pinangunahan ng isang pastor at mga lider ng pagsamba. Dahil laking simbahan, 'di siya nag atubiling tinanggap ang imbitasyon mula sa isang kaibigan.

Ang hindi niya alam, ito ang banal na kalooban ng Diyos upang ibalik siya sa Kanyang presensya at gamitin siya para sa Kanyang kaluwalhatian.

Naalala niya nang mabuti na bawat sermon ay may kasamang oras para sa panalangin at isang paanyaya na sabihin ang "Panalangin ng Makasalanan."

Sa sandaling iyon, buong puso niyang tinanggap si Hesus bilang kanyang Panginoon at Tagapagligtas. Nabighani sa pag-ibig ni Kristo, napagtanto niya na sa kabila ng kanyang mga kasalanan at dumi na dala-dala niya, sapat ang biyaya ng Diyos upang linisin at ibalik siya.

Noong mga panahong iyon, doon niya sa wakas natagpuan ang matagal na niyang hinahanap—ang biyaya ng Diyos na nagliligtas, hindi sa pamamagitan ng kanyang sariling mga gawa, kundi sa pamamagitan ng pananampalataya.

Ang pagtanto na ito ay tumutugon sa kanyang paboritong talata sa Bibliya, Efeso 2:8-9: *"Sapagkat sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili: ito'y kaloob ng Diyos: Hindi sa mga gawa, upang ang sinuman ay huwag magmalaki."*

Naintindihan niya na ang kanyang kaligtasan ay hindi kailanman tungkol sa kung gaano siya kabuti o karapat-dapat, kundi tungkol lamang sa hindi karapat-dapat na biyaya at pag-ibig ng Diyos para sa kanya.

Ang kanyang nakaraan, gaano man ito kawasak, ay hindi nagtakda ng kanyang hinaharap—ang biyaya ng Diyos ang nagtakda nito.

Gaya ng dati niyang sinubukang punan ang puwang sa kanyang puso ng mga makamundong kasiyahan, ngayon ay nauunawaan na niya na tanging si Hesus lamang ang tunay na makapagbibigay kasiyahan at makakapagligtas sa kanya.

Pagkatapos ng karanasang iyon, lubos na nagbago ang kanyang buhay.

Ang kanyang mga hangarin ay lumipat mula sa mga makamundong kasiyahan patungo sa pagsunod sa kalooban ng Diyos. Natutunan niyang ipamuhay ang kanyang pananampalatayang Kristiyano araw-araw, pinapahalagahan ang kanyang relasyon sa Panginoon higit sa lahat.

Hinahanap din niya ang mga paraan upang paglingkuran ang Diyos at ipalaganap ang Kanyang ebanghelyo.

Ngayon, ginagamit siya ng Diyos bilang isang lider ng pagsamba, at siya ay naging isang biyaya sa iba't ibang simbahan sa Masbate. Napunuan niya na ang pinakamalaking kagalakan sa pagiging Kristiyano ay ang malaman na kahit gaano kahirap ang pagsunod, naglilingkod tayo sa Diyos na nangako na hindi tayo iiwan o pababayaan.

Ang buhay ni Liezel ay isang magandang paalala na kahit gaano man tayo kawasak, ang biyaya ng Diyos ay laging sapat upang tayo ay buoin, baguhin, at tubusin. •

# Rock star's search for life's purpose

Levan Wee had achieved everything he set out to do. As frontman for his band, Ronin, they became the top band in Singapore with their debut album distributed by Universal Music. Once, they performed live for up to 50,000 people.

In contrast to the fame and success of his adult years, Levan's childhood was filled with discrimination and insecurity. Born with albinism, Levan's physical appearances and issues with his eyesight made him different.

But things took a turn when he joined Ronin.

"It was a complete flip to the other end of the spectrum. I bought into the hype and thrived on the attention because I was searching for acceptance," he tells Stories of Hope.

But at the height of his musical success, Levan left the band. "I thought that if we could just reach that goal of being the top band, life would have meaning — I would prove that my life had a purpose," he tells Thir.st.

"But when I reached the peak of the band's success, I felt even emptier and angrier than before."

He decided to pursue a doctorate in philosophy instead. "I thought that if I could score top grades, then life would have meaning."

And score he did. Levan received a full scholarship and graduated top in his cohort.

"And that high lasted for a week," he admits.

While he achieved his goal, the same emptiness that he felt had returned.

"The seeds of my depression were planted in my teenage years through mindsets of inadequacy and the need to outperform others.

"Everything I chased, I chased with zest," he says. "But when I no longer had a consuming project at hand, there was nothing left to do but to face myself... and I was still not okay with myself."

His depression worsened and Levan thought of ending his life. In desperation, he cried out to God.

"Anyone who knows me knows that praying



**Ronin frontman Levan Wee.**
**Photo: youtube.com/@Thirst**

to God is one of the last things that I would have done," he admits.

"I felt that anyone who believed in God was just weak." Levan especially disliked Christians who often told him that God is good and that He has a plan for his life. "I really hated that because from my life experiences, the pain and insecurity that I felt, I couldn't believe it."

But as he looked out the window and contemplated ending his own life, Levan saw that he had nothing to lose.

"I said, 'God, everything else I've chased, everything else I've longed to achieve has led to nothing. So if You're real, show me.'"

After that prayer, Levan started to see visions of objects in odd places that would later appear in person. In one of his visions, he saw a supermarket trolley beneath a block of apartments with the words, "so strange, this trolley is in the middle of nowhere."

Later that day, his friend came over for a visit and they saw a trolley beneath the apartment block. Not knowing about his vision, his friend blurted out, "Wow it's so strange the trolley is in the middle of nowhere." As the visions got stranger and the situations got increasingly rare, Levan asked God for "irrefutable proof".

"I was heading out to buy coffee one day when I started to feel some sort of electric rain. It was as though I had stepped into a static field. I looked up, only to realise there was a ceiling over me so it couldn't have been raining.

"But I felt it. And as the rain fell, I was overwhelmed by a sense of love."

He was so shocked that he ran home and fell on his knees, praying.

"That's when I saw a vision of an open cave in my living room. There was a man in a white robe standing in the distance. I don't know how but I immediately knew He was Jesus.

"He held His hands out and the moment I touched Him, I felt an electric current – the same feeling I experienced from the rain – going through my whole body. I started crying and saying, 'I'm so sorry, God. For my whole life, I never believed in You. I've always made fun of people who believed in You.'"

Levan felt three words resonate through his chest, "I love you."

"From that day on, I gave my life to God."

Since then, Levan continues to use his artistic talents to reach out to others. He created Bible Bento, a series of short anime-style videos to help others learn about the Bible.

"The thing is, no matter how hard we try on our own, we are sinful by nature. So we can never reconcile ourselves to God on our own terms, by our own deeds," he adds.

"And in His love, God sent His own Son, Jesus, to die on the cross for our sin as the perfect sacrifice. We weren't born to die. Only Jesus was."

To find out more about Bible Bento, visit mybiblebento.com. •

# ISANG MAPAGPAGALING NA KAMAY

NI NEVILLE CHAMBERLAIN, CMI

Para kay Dr. Boris Fung, hindi haka-haka ang Big Bang theory—isa itong katotohanan.

Ang tamang sangkap sa tamang panahon na nagbubunga ng sarili nitong kopya? Tsek.

Ang sunud-sunod na paglikha ng mga istrukturang mas kumplikado habang nadaragdagan ng napakaraming bagong impormasyon? Tsek.

Ang patuloy na pagbabago tungo sa mas mataas na anyo nang walang malinaw na layunin? Tsek.

Iyan ang sinasabi ng mga ebolusyonista sa paglipas ng panahon at dati, pinaniniwalaan din ito ni Boris.

Ngunit ngayon, lubos nang nagbago ang kanyang paniniwala. Naniniwala na siyang ang mga ito ay pawang haka-haka lamang hindi napatutunayan sa laboratoryo, kulang sa konkretong ebidensya, at hindi suportado ng tunay na datos. Mula nang siya'y maging Kristiyano habang nasa medikal na paaralan, naniwala na siya sa salaysay ng Bibliya tungkol sa paglikha.

Ipinanganak si Boris sa isang pamilyang hindi Kristiyano sa Hong Kong, at unang nakilala o matagpuan ang Bibliya sa kanyang unang taon sa high school noong dekada '60 bilang bahagi ng kurikulum. Ngunit agad niya itong tinanggihan, iniisip na ito'y puro kathang-isip lamang.

"Ang nakalulungkot, hindi ko pinag-aralan ang mga argumento ng paglikha kumpara sa ebolusyon," pag-amin niya. "Basta na lang akong naniwala sa ebolusyon, nang hindi ito iniisip nang malalim. Sa pagbalik-tanaw, pakiramdam ko'y gusto kong mamuhay ayon sa sarili kong kagustuhan. Ayaw kong may pananagutan ako sa isang Manlilikha."

Ang malaking pagbabago sa kanyang pananaw ay nangyari habang siya ay nasa medical school at pinag-aaralan ang napakalalim na kompleksidad ng katawan ng tao. Paliwanag niya: "Ang isang simpleng selula o "cell" ay may cell membrane na pumipili kung anong mga sangkap ang papayagang pumasok at alin ang hindi. Tinatanggihan nito ang mga nakasasamang sangkap at tinatanggap lamang ang mga mabubuti. Napaisip ako, 'Puwede bang mangyari ito nang aksidente lamang?'

Habang natututo ako ng mas detalyadong katangian ng bawat selula na mas komplikado pa kaysa sa membrane nagtaka ako: Paano kung aksidenteng nabuo lamang ang mga atoms at molecules upang makabuo ng mga unang protina, phospholipids, at mucopolysaccharides? At matapos noon, ang unang selula pagkaraan ng daan-daang milyong taon, gaya ng sinasabi sa teorya ng ebolusyon?"



*Si Dr Boris Fung (gitna) kasama ang kanyang pamilya.*

Mas lalo siyang namangha sa napakakomplikadong proseso ng mga genetic materials na bumubuo sa mga biological molecules. "Nang mapagtanto ko ito, alam kong kailangang may Manlilikha na lumikha sa atin ayon sa Kanyang wangis," aniya. "Nagsimula akong dumalo sa simbahan at tuluyang naniwala kay Hesus bilang Anak ng Diyos na namatay para sa aking mga kasalanan." Ang espesyalisasyon ni Boris ay ang kamay ng tao. "Ang kamay natin ay ibang-iba sa kamay ng unggoy. Mas sensitibo ang ating mga daliri, lalo na sa dulo. Kaya nating makadama ng dalawang puntong 2–3 milimetro lamang ang layo. Mas mahaba rin ang ating hinlalaki, na maaaring itapat sa iba pang daliri.

Mayroon tayong maraming maliliit na kalamnan sa kamay upang maisagawa ang mga utos mula sa ating isipan.

Lahat ng ito ay mahalaga sa pagtatayo ng modernong lipunan. Sa ating utak, malawak na bahagi ang nakalaan para sa pakiramdam, kilos, at posisyon ng kamay."

Dahil sa mga built-in na kakayahang ito, kaya niyang magsagawa ng mga komplikadong operasyon gaya ng pagdugtong ng naputol na daliri o pag-ugnay ng mga ugat na mas maliit pa sa isang milimetro ang lapad.



*Dr Boris Fung*

Ngunit matapos siyang mabautismuhan, hindi naging madali ang kanyang buhay Kristiyano. Inamin niya:

"Nadala ako ng mga pagpapahalaga ng mundo. Dagdag pa rito, ang hirap ng pagsasanay at pagsusulit sa aking specialty ang naging dahilan ng aking paglayo sa Diyos."

Ang kanyang panibagong paggising ay dumating sa edad na 40, nang mapagtanto niyang walang makapagbibigay ng tunay na kasiyahan kundi ang Salita ng Diyos. "Nag-enroll ako sa Bible Study Fellowship," pagbabahagi niya, "at tinapos ko ang pitong taong serye."

Isa pang mahalagang yugto sa kanyang paglalakad sa pananampalataya ay nang sila ng kanyang asawang si Betty ay naging magulang at nagkaroon ng hindi pagkakaunawaan sa pagpapalaki sa kanilang anak na si Bettina. Dumalo sila sa isang seminar sa simbahan tungkol sa parenting na pinangunahan ni Dr. Esther Su, isang biochemist.

Ang kanyang simpleng mensahe: "Ang susi sa tamang pagpapalaki ng anak ay sundin ang tagubiling ibinigay ng Diyos sa atin, ang Bibliya. Kung hindi, para itong pagpuno ng tangke ng kotse ng tubig sa halip na gasolina," ani Boris na may ngiti.

"Ang simpleng mensahe ng pagbabasa at pagsunod sa Salita ng Diyos ay inabot ng maraming taon bago naging bahagi ng aming pamumuhay," pag-amin niya. "Mayroon pa rin kaming mga pagsubok. Ngunit alam na namin ngayon kung paano harapin ang mga ito pati na rin ang sakit at kamatayan dahil umaasa kami sa isang mas magandang buhay na walang hanggan."

May malalim na impresyon sa kanila ang mga sinabi ni Dr. Su:

"Ang Kristiyanismo ay hindi relihiyon sa karaniwang pakahulugan ng maraming tao. Sa halip, ito ay tungkol sa mga anak ng Diyos na nagnanais magkaroon ng isang mapagmahal na ugnayan sa ating Ama sa Langit."

Nakikita ni Boris ang kahalagahan ng pagpapahayag ng katotohanan tungkol sa paglikha.

Aniya: "Nabagabag kami nang madiskubre naming marami na palang Kristiyano ang hindi na naniniwala sa literal na anim-na-araw na paglikha ng mundo. Paano tayo maniniwala sa kabuuan ng Bibliya kung ang mga unang kabanata pa lamang ay hindi na raw totoo?

Ang buong Bibliya ay dapat magkaisa, mula Genesis hanggang Pahayag, dahil ito ay Salita ng Diyos na ibinigay sa pamamagitan ng tao. Ang problema natin, gusto nating unawain ang kamangha-manghang likha ng Diyos gamit ang limitadong isip ng tao. Kailangan nating kilalanin na ang ating pag-iral at pag-iisip ay limitado pa rin ng oras, espasyo, at ating kamatayan." •

Isinalin sa Filipino

**IPINANGANAK SA HONG** Kong, nagtapos si Dr. Boris Fung ng B.Sc. (Hons) mula sa University of the East, Manila, at nakuha ang kanyang M.D. mula sa University of the East Ramon Magsaysay Memorial Medical Center, Manila.

Pagbalik sa Hong Kong, nagtrabaho siya sa Department of Orthopaedic Surgery ng Queen Mary Hospital. Matapos ang pagsasanay at mga pagsusulit, siya ay naging Fellow ng Royal College of Surgeons of Edinburgh sa larangan ng Orthopaedic Surgery. Nagsanay siya sa larangan ng hand and wrist surgery at aktibong lumahok sa pananaliksik. Siya ay may 65 publikadong siyentipikong artikulo. Nagturo rin siya bilang Honorary Associate Professor sa Department of Orthopaedics and Traumatology, University of Hong Kong. Ikinasal siya kay Betty, na kanyang asawa sa loob ng tatlumpung taon.

## HOW DO I BECOME A CHRISTIAN?

**What?** Salvation is an eternal relationship with God – now on Earth and, after we die, in Heaven.

*The Lord Jesus says: "I tell you the truth. Everyone who believes in Me has eternal life." John 6:47*

*"In this world you will have trouble. But take heart! I have overcome the world."* John 16:33

**Who?** Anyone can gain the eternal life offered through Jesus Christ, regardless of how you have previously lived or what you have previously believed.

*God so loved the world that He gave His one and only Son, that whoever believes in Him shall not perish but have eternal life.* John 3:16

**Why?** Because sin separates us from a holy God. Sin is all the wrong things we do, say and think, as well as our desire to be our own boss.

*For all have sinned and fall short of the glory of God.* Roman 3:23

**How?** The Bible says you become a Christian by confessing with your mouth that Jesus is Lord and believing in your heart that God raised Him from the dead.

*If you declare with your mouth, "Jesus is Lord," and believe in your heart that God raised Him from the dead, you will be saved. For it is with your heart that you believe and are justified, and it is with your mouth that you profess your faith and are saved.* Romans 10:8b-10

**Ready to change your life forever?** Here is a prayer you can pray, but you can also use your own words. The words are not as important as the heart attitude – which only God can see.

Almighty God, Creator of Heaven and Earth,
I acknowledge that I am a sinner. Please forgive me for all the ways I have disobeyed and defied You.
Thank You for sending Your Son, Jesus Christ, to earth to live the perfect life I couldn't, and die on the cross for my sins. Thank You that His blood was sufficient to pay my debt to You, and His resurrection proves that there is life beyond death. I accept that His sacrifice is all I need to get right with You – I bring nothing I have done but I give You everything I am. Help me to live for You. Please be my Saviour and my Master. Amen.

**What now?**

1. Tell someone - either a Christian that you know or email us at challenge@atin-asia.com
2. Use the resources in the green box on this page to find a Bible to read and more information regarding Christianity.
3. Keep praying. Talk to God anywhere, about anything. He is always listening, and you don't need a formula.
4. Find a Bible-teaching church to attend.

**AS A NEXT STEP :**

I have prayed this prayer. ☐

Please send me:
☐ A Bible portion
☐ Some 'starting off' literature
☐ Information on a helpful church

* Please tick and write clearly *

Name ________________ Phone ________________

Address ________________

Email address ________________

**ATIN (Asia), Inc., P.O. Box 31, Masbate City, Masbate 5400 Philippines.**
**Email: challenge@atin-asia.com Facebook: facebook.com/ATINasiainc**

*All overseas enquiries are referred onto someone in their own country*

## Want to explore more?

Here are some **free**, helpful, Christian online resources

| | |
|---|---|
| Online Bible - **Olive Tree app** (we recommend that you start with an easy-to-read version like the ESV) | Audio Bible - **Bible.is app**, or **Youversion Bible app** |
| Christian radio station - **CBN radio app** (different channels for all genres of music) | Christian podcasts and sermons - **Edifi app** |
| Christian movies, serials and kids' shows - **Good. app** | Daily thoughts and inspiration - **Our Daily Bread app** |
| Advice on specific issues, Bible reading plans and studies for new believers - **Youversion Bible app.** | The Bible explained with visual aides - **Bible Project on YouTube.** |
| **Alpha Film Series on Youtube** - an online introduction to Christianity | For kids - **Superbook Kids Bible, videos and games app** |
| Comic book Bible online- **goodandevilbook.com** | **Manga Messiah app** Christian comic with free games app, illustrated in Japanese-style art |
| **YMI** (meant to be read as "Why am I?") Christian news outlet for young adults with various content, devotionals and resources. **ymi.today** | More inspiring faith stories - **back issues of Challenge News at challengenews.online** |

Challenge SPORT




*Kaká of AC Milan Legends in action during a match between Sao Paulo and AC Milan at Morumbi Stadium in December 2023 in Sao Paulo, Brazil. (Photo by Giuseppe Cottini/AC Milan via Getty Images)*

# A LIFE OF VICTORY

## Brazilian soccer player Kaká (whose full name is Ricardo Izecson dos Santos Leite) shares his story:

When I was eight, I moved to Sao Paulo, Brazil where I began to play soccer.

I played on the junior team for Sao Paulo in 2000. We were in the middle of the Paulista Junior Championships when I received a yellow card.

I was suspended for the following game, so I took advantage of the free weekend to visit my grandparents, who lived in Caldas Novas at the time. My brother, my parents, my grandparents and I went to a water park. As I was coming down one of the slides into the pool, I hit my head on the bottom of the pool and my neck snapped.

I fractured the sixth vertebra in my neck. At the time, I had no idea what happened. I almost became paralysed and lost my ability to walk and even play football.

I returned to Sao Paulo to train on Monday. On Tuesday, I called the coach and told him that I could not bear the pain any longer. He sent me to see a doctor at the hospital. It was in that x-ray that the fracture was shown.

The doctors told me I was very lucky that nothing more serious happened. I believe it was not a luck. I believe God was protecting me during that time from anything.

Many people think that I became a Christian after the accident, but that is not true.

My parents are Christians and they raised me with biblical values. The accident happened in October of 2000. Throughout November and December, I could not play.

I began to play again in January of 2001 and after about two weeks, I was called to play for the Sao Paulo professional team. Because of this, I believe God had a purpose in that accident.




*Kaká in September 2024 in Milan, Italy. (Photo by Marco Luzzani/Getty Images)*

It is something that happened just before I had the great blessing of starting as a professional in Sao Paulo and initiating my career as a professional soccer player.

> **"I lost my ability to walk and even play football."**

As I said before my parents always taught me the Bible and its values, and also about Jesus Christ and faith.

I did not have a specific conversion experience, but little by little, I stopped simply hearing people talk about the Jesus my parents taught me about and there came time when I wanted to live my own experiences with God. I need Jesus every day of my life. Jesus tells me in the Bible that without Him I can't do anything. I have the gift and capacity today to play soccer because God gave it to me.

The day He wants me to do something else, I will do it and this is why I need Jesus in my life every day. I am successful in my financial and my professional life, but all this has come from God and is a gift of grace from Him for my life.

All that I have, I thank Him for.

The difference Jesus makes in my life is that I know I will always have victory, I will always have joy, and I will always have success. This is independent of the situations I face or will face. This brings me great peace.

I usually tell the people who ask, that the Bible is like the user's manual to life. It has everything we need in it. It makes me happy to read the Bible every day, to study it and to be in fellowship with God and learn more and more about Jesus.

I will win many matches and I will lose many matches, but I know that in all of them, God has a plan. This is why I try to understand the plan of God for me in each moment so that I can have peace during times of pressure. Everyone wants to be a winner, but for me, the true meaning of winning is having Jesus in my life. It is a life of prayer, a life of intimacy and a lifelong friendship, knowing that God is our Father. I can say that I'm victorious because Jesus lives in me. •

This article was first published on mojpribeh.sk and is used with kind permission.

DISTRIBUTED BY:

Published by Challenge Literature Fellowship in partnership with Atin Asia, Inc. Challenge Good News Paper (Australia).
P.O.Box 978, Cloverdale, Western Australia, 6985. Phone: +61 9453 3311. Website: www.challengenews.org April 2026